# Ulap ng Pag-aalinlangan

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis.Techie Rodriguez, Elder-Founder
Nobyembre 12, 2022

Interesadong sumunod si Tomas saanman pumunta ang Diyos; ngunit mayroon siyang pagdududa. Sa totoo lang, ginagawa niya ang sinasabi sa kanya ni Hesus. Gusto niyang mapatunayan na ito nga si Hesus. "Huwag madaling maniwala sa propeta.."(Mateo 24:23-24). Lahat ay dumaranas ng pag-aalinlangan sa pananalig; natural lamang ito. Gayunpaman, kapag tayo ay sumuko sa pag-aalinlangan, magugulo ang ating buhay. Kung nag-aalinlangan tayo, kailangan natin ang kapayapaan ng Diyos, para makayanan natin ang mga pagsubok.

**1. May 3 uri ang mga mananampalataya. Ang mga naniniwala sa Diyos ay maaaring mailarawan sa kanilang**:

1.1**. Ordinaryong pananalig**: mababaw ang pananalig; kaya hindi sila sumusunod sa Diyos.

1.2. **Maginhawang pananalig**: sumusunod dahil sila'y nakikinabang. Marami sa mga pinagaling ang tumigil sumunod kay Hesus, at ayaw tumbasan ang ginawa sa kanila (Lucas 14).

1.3. **Tapat na pananalig** - tumutupad sa kanilang pangako, anuman ang mangyari, walang nagdadahilan. Ang sinumang sumunod sa Diyos, hindi rosas ang paligid, may mga tinik ang rosas.

2. **Si Tomas ay isang masugid na taga-sunod**:

2.1. Ang pagpili sa mga alagad. May malalim siyang pananampalataya, kasama siya sa misyon at gustong sumunod sa Diyos (Lk 6:12-13).

2.2. Ang himala kay Lazaro. Nais niyang sumunod kahit sa kamatayan (Jn 11.16).

2.3. Naniwala si Tomas dahil nakita niya ang Panginoon.Tumayo Siya sa gitna nila at sinabing, "Sumainyo ang kapayapaan"(Jn14:5-6;Jn 20:24-29).

3. **Paano natin matatalo ang ating pag-aalinlangan:** Maging totoo tayo sa ating alinlangan. Walang Kristiyanong hindi nag-aalinlangan o hindi kailanman nakipaglaban sa tukso.

3.1. **Tumutok sa Diyos kung tayo'y nanghihina**. Bigyan natin ng panahon ang ating sarili na dumaan sa ganitong pagkakataon - pansamantala lamang ang mga ito. Kung madilim ang paligid, ituon ang paningin kay Kristo.

3.2**. Kumuha ng lakas sa iba**. Kapag lumayo sa karamihan lalong nagkakaroon ng pag-aalinlangan.

3.3**. Mag-ingat kung sino ang pinapakinggan.** Kapag sumasama tayo sa mga taong korap, tayo'y masisira. Nakinig na mabuti si Tomas kay Hesus. Kapag nasa komunidad tayo, natututo tayo sa bawa't isa (Awit 1).

3.4. **Mag-ingat kung sino ang tinatambayan natin.** Mas mabuting kasama ang mga taong nag-aangat sa atin. Nakokonsensya ang mga Kristiyano dahil mas gusto nilang makinig sa iba kaysa sa magbasa ng Bibliya (Mga gawa 17:11).

3.5**. Mag-ingat kung saan natin inilalagay ang ating paniniwala**. Lumilipas ang mga makamundong bagay: kasikatan, pamilya, hanapbuhay. Tanging sa Diyos lamang tayo dapat maniwala (1Cor15).

3.6. **Lubusan Siyang kilalanin**. Kung mas kinikilala natin Siya, lumalalim ang ating pananalig. Kapag lagi natin Siyang kausap, hindi tayo tutuksuhin ni satanas na mag-alinlangan.

3.7**. Kung mababaw ang ating pananalig, itala natin ang mga tanda't himalang ginawa ng Diyos sa ating buhay**. Nabubuhay tayo sa disenyo ng Diyos. Higit na makapangyarihan ang Kanyang mga plano kaysa sa ating mga plano. Ang Kristyanong pinakamatatag ay dumanas ng hirap at sakit ngunit nanatiling matatag ang kanyang pananalig.

3.8. **Huwag mataranta. Makapangyarihan ang Diyos** (Mateo 14:22-33). Ang Diyos ay tumutupad sa Kanyang pangako. Tumutugon Siya sa huling sandali. Minsan hindi ang gusto natin ang Kanyang tugon; ibig sabihin may plano Siyang mas mabuti.

**Konklusyon:**

Anumang alinlangan ang nasa isip natin, bumaling tayo sa Diyos, at magtiwala sa Kanya. May dala Siyang kapayapaan. Kung nakararamdam tayo ng pag-aalinlangan at takot, lagi nating tandaan na buhay si Hesus. Higit na malaki ang Diyos kaysa sa ating suliranin.

**Pagninilay:** Ano ang makapagbibigay sa iyo ng katatagan sa pananampalataya upang patuloy kang kumapit sa Diyos?


**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Pananampalataya